# Tsart ng Lawak at Daloy ng mga Aralin

## Yunit 1 Pananagutan sa Sarili at sa Pamilya

| *Aralin/Pamagat* | *Layunin* | *Dulog/Estratehiya* | *Pagtataya* | *Kaugnay na Kaisipan sa Ibang Asignatura* |
|---|---|---|---|---|
| **Aralin 1: Katapatan: Saanman, Kailanman** | • Nakapagsasabi ng katotohanan anuman ang maging bunga nito | Kuwento<br>Pagpapaalala sa sarili sa wastong kaugalian na pagiging tapat at pagsasabi ng katotohanan | Pagkukuwento ng sariling karanasan<br>Pagtukoy sa mga ugaling maipagmamalaki<br>Pagpapasiya sa iba't ibang sitwasyon<br>Pagpapaliwanag ng sariling saloobin tungkol sa sariling pagpapasiya | Wika—paglalarawan ng damdamin ng mga tauhan sa kuwento |
| **Aralin 2: Nasaan si Dondon?** | • Nakapagsasabi ng katotohanan anuman ang maging bunga nito | Kuwento<br>Pagbibigay ng sariling saloobin at pagpapaliwanag ng kuro-kuro tungkol sa mga bunga ng hindi pagsasabi ng katotohanan | Pagsusuri ng sariling saloobin sa pagpapasiya<br>Pagninilay sa sariling mga kilos at gawain<br>Pagbibigay ng payo sa iba<br>Pagbabahagi ng gagawing pagkilos at kung ano ang magiging bunga nito<br>Paggawa ng sanaysay at pagbuo ng mga pangungusap sa pagbabahagi ng sariling saloobin | Filipino—paggawa ng liham ng paghingi ng paumanhin (*letter of apology*)<br>Wika—paglalarawan ng damdamin ng mga tauhan sa kuwento |
| **Aralin 3: Tutularan Mo Ba si Ken?** | • Nakapagsasabi ng katotohanan anuman ang maging bunga nito | Kuwento<br>Pagninilay sa mga maaaring maging bunga ng hindi pagsasabi ng katotohanan | Pagsusuri ng mga larawan at pagninilay sa gagawing pagkilos sa iba't ibang sitwasyon | Pagbasa—pagbasa ng tula tungkol sa pagiging tapat<br>Sining—pagsasalarawan ng mga kasabihan tungkol sa pagiging tapat sa pamamagitan ng pagguhit at paggawa ng *poster* |

| *Aralin/Pamagat* | *Layunin* | *Dulog/Estratehiya* | *Pagtataya* | *Kaugnay na Kaisipan sa Ibang Asignatura* |
|---|---|---|---|---|
| | | | Pagtutuwid ng mga gawain upang ipamalas ang katapatan sa iba't ibang sitwasyon<br>Pagpapaliwanag ng mga kasabihan | |
| **Aralin 4: Isang Pagsubok** | • Nakapagsasabi ng katotohanan anuman ang maging bunga nito | Tula<br>Pagbabahagi ng mga pagsubok na naranasan sa pagsasabi ng totoo at kung ano ang mga naging bunga nito | Pagninilay sa sariling mga kilos at gawain<br>Pagbabahagi ng sariling karanasan | |
| **Aralin 5: Akin Na Lang si Rufos** | • Nasusuri muna ang katotohanan bago gumawa ng anumang hakbang o pagpapasiya<br>• Nakapagsasangguni sa taong kinauukulan bago gumawa ng anumang hakbang | Kuwento<br>Pagbabahagi at paglalarawan ng sariling karanasan<br>Pagpapakita ng wastong pagpapasiya bago gumawa ng anumang hakbang | Pagsusuri ng katotohanan sa iba't ibang sitwasyon<br>Pagtukoy sa mga taong maaaring sangguniin sa paggawa ng hakbang<br>Pagninilay ng sariling kilos at gawain<br>Pagsasagawa ng panayam sa kinauukulan para sa isang proyekto<br>Pagpaplano ng mga gawain | Kaligtasan—pagsangguni sa kinauukulan; pag-iingat sa mga sakit dulot ng mga ligaw na hayop |
| **Aralin 6: Sino Po Sila?** | • Nakapagsasagawa nang may mapanuring pag-iisip ng tamang pamamaraan/pamantayan sa pagtuklas ng katotohanan<br>• Nakapagsasangguni sa taong kinauukulan bago gumawa ng anumang hakbang | Kuwento<br>Paglalahad ng katuwiran o dahilan sa mga kilos upang masuri ang katotohanan | Pagsusuri ng mga balakid sa pagtuklas ng katotohanan sa iba't ibang sitwasyon<br>Pagmumungkahi ng iba't ibang paraan sa pagsuri ng katotohanan<br>Pagbibigay ng opinyon sa papel ng mga makabagong kagamitan tulad ng radyo, telebisyon, internet, at iba pa sa pagtuklas sa katotohanan | Kaligtasan at Kalusugan—pagsangguni sa kinauukulan at pag-iingat sa mga taong hindi kilala<br>Sining—paggawa ng komiks |

| *Aralin/Pamagat* | *Layunin* | *Dulog/Estratehiya* | *Pagtataya* | *Kaugnay na Kaisipan sa Ibang Asignatura* |
|---|---|---|---|---|
| **Aralin 7: Patnubay at Gabay** | • Nakapagninilay ng katotohanan mula sa mga patalastas na napanood, nabasa, o narinig | Kuwento<br>Pagsusuri ng mga patalastas at programa sa telebisyon<br>Pagtalakay sa mga epekto ng mga patalastas na napapanood, nababasa, o naririnig | Pagtalakay sa mga epekto ng panonood ng mga programang hindi angkop sa mga bata<br>Pagsusuri ng mga mensahe ng patalastas<br>Pagkilatis at pag-uuri ng mga patalastas sa telebisyon<br>Pagbibigay ng sariling opinyon | Wika—pagsulat ng isang maikling ulat tungkol sa napanood na patalastas o programa sa telebisyon<br>Araling Panlipunan—pagsusuri sa mga mabuti at masamang epekto ng *media*<br>Sining—pagsusuri ng mga simbolo o mensahe ng mga patalastas |
| **Aralin 8: Malaki Na Ako** | • Nakapagninilay ng katotohanan mula sa mga napanood na programa sa telebisyon | Kuwento<br>Pagbibigay ng saloobin tungkol sa pagkakaroon ng limitasyon sa panonood ng mga programa sa telebisyon<br>Pagsusuri ng iba't ibang mensahe ng mga programang pinanonood sa telebisyon | Paggawa ng mga pamantayan sa pagkilatis ng mga programa sa telebisyon<br>Pagkilatis ng mga programa sa telebisyon ayon sa mga pamantayan<br>Pag-uuri ng mga programang pinanonood sa telebisyon<br>Paglalagay ng sariling limitasyon sa panonood ng telebisyon | Wika—paglalarawan ng damdamin ng mga tauhan sa kuwento<br>Math—paggawa ng lingguhang talaan ng programang pinanonood (*scheduling*) |
| **Aralin 9: Bibili Ba Agad?** | • Nakapagninilay ng katotohanan mula sa mga patalastas na napanood | Kuwento<br>Pagsasaliksik ng impormasyon sa pagkilatis ng mga napanonood na patalastas<br>Pagtukoy ng mga pamamaraan sa pagkilatis ng mga produkto na ipinakikilala sa mga patalastas | Pagpapahayag ng opinyon at saloobin<br>Pagmamarka ng mga nakagawiang kilos at gawain<br>Pagtukoy ng mga pamantayan sa pagtangkilik ng mga patalastas<br>Pagbibigay ng mungkahi sa tamang pagpapakilala ng mga produkto | Sining—paglikha at pagsasadula ng patalastas<br>Science—pagsusuri ng mga nilalamang sangkap ng mga produkto |

| *Aralin/Pamagat* | *Layunin* | *Dulog/Estratehiya* | *Pagtataya* | *Kaugnay na Kaisipan sa Ibang Asignatura* |
|---|---|---|---|---|
| **Aralin 10: Isang Mabuting Gawa** | • Nakapagninilay ng katotohanan mula sa mga balitang napakinggan<br>• Nakikilatis ang katotohanan sa mga balitang napakinggan | Kuwento<br>Pagbibigay ng saloobin sa kahalagahan ng mga balita at impormasyon<br>Pagsusuri ng iba't ibang impormasyon at balita mula sa telebisyon, pahayagan, at radyo | Pagtukoy at paglalarawan sa mga tauhan sa kuwento<br>Pagpili ng higit na gustong paraan ng pagkuha ng impormasyon o balita at pagpapaliwanag ng sariling dahilan<br>Pagmumungkahi ng mga pamamaraan at pagsasagawa ng sariling pagkilatis ng mga balita at impormasyon<br>Pagbabahagi ng sariling kuro-kuro tungkol sa mga kasabihan<br>Pagbabahagi ng sariling karanasan | Wika—pagsulat ng balita; paglalarawan ng damdamin ng mga tauhan sa kuwento<br>Sining—pagsasadula ng pangyayari mula sa kuwento |
| **Aralin 11: Ikaw At Ang Internet** | • Nakapagninilay ng katotohanan mula sa mga nababasa sa internet at mga *social networking site*<br>• Nakikilatis ang katotohanan mula sa mga nababasa sa internet at mga social networking site | Kuwento<br>Pagsusuri ng impormasyon na nakikita sa internet<br>Pagkilala sa mga epekto ng internet at mga social networking site<br>Pagsangguni sa kinauukulan o sa mga magulang tungkol sa mga nababasa sa internet | Pagtalakay sa kahalagahan ng *computer* at ng internet sa ating pamumuhay<br>Pagtukoy at paglalarawan ng mga ginagamit at kilalang *website* at social networking site<br>Paggawa ng batayan sa pagsusuri ng mga website<br>Paggamit ng ginawang batayan sa pagsusuri ng mga website | Araling Panlipunan—pagtalakay sa gamit ng mga social networking site; at sa kahalagahan ng pag-iingat sa internet<br>IT—*cyber bullying* at *cyber crimes* |
| **Pag-uugnay** | • Mapag-ugnay-ugnay ang mga kaisipan at mga pagpapahalagang natutuhan sa yunit | | | |

## Yunit 2 Pakikipagkapuwa-tao: Paggalang at Pakikiramay

| *Aralin/Pamagat* | *Layunin* | *Dulog/Estratehiya* | *Pagtataya* | *Kaugnay na Kaisipan sa Ibang Asignatura* |
|---|---|---|---|---|
| **Aralin 1: Tagumpay Pa Rin!** | • Naipakikita ang pagkamahinahon sa damdamin at kilos ng kapuwa tulad ng pagtanggap ng sariling pagkakamali at pagtutuwid nang bukal sa loob | Kuwento<br>Pagninilay sa mga epekto ng pagiging mahinahon at pagpigil sa damdamin sa iba't ibang sitwasyon<br>Pagbabahagi ng sariling karanasan sa pagtanggap at pagtutuwid ng sariling pagkakamali | Pagbibigay ng sariling saloobin sa maaaring mangyari tungkol sa kuwento<br>Paggamit ng tamang salita sa pagbibigay ng mungkahi o pagpapahayag ng damdamin sa iba<br>Pagpapakita ng wastong pag-uugali sa iba't ibang sitwasyon<br>Pagsusuri ng mga gawain at kaugaliang madalas na ginagawa<br>Paglalahad ng mga ugaling maipagmamalaki | Wika—pagsulat ng sariling wakas ng kuwento<br>PE—paglinang ng *sportsmanship* |
| **Aralin 2: Gusto Ka Naming Lider** | • Naipakikita ang pagkamahinahon sa damdamin at kilos ng kapuwa tulad ng pagtanggap ng puna ng kapuwa nang maluwag sa kalooban | Tula<br>Pagpapahayag ng mga puna sa pamamagitan ng pagpili ng mga wastong salita at wastong pamamaraan ng pagsasabi ng mga ito<br>Paglalahad ng mga puna sa positibong paraan | Paglalarawan at pagkilatis ng mga katangian ng isang lider<br>Pagpapasiya sa iba't ibang sitwasyon at pangyayari<br>Pagninilay sa sariling katangian at kakayahan bilang isang lider<br>Pagbibigay ng saloobin sa mga kasabihan | Wika—pagpili ng mga salita sa paglalahad ng mga puna sa positibong paraan |
| **Aralin 3: Biro-biruan, Tukso-tuksuhan** | • Naipakikita ang pagkamahinahon sa damdamin at kilos ng kapuwa tulad ng pagpili ng mga salitang di-nakakasakit sa pagbibiro | Kuwento<br>Pagpapakita ng pagpapahalaga sa damdamin ng iba<br>Pagsusuri sa sariling damdamin at gawain sa pagbibiro sa kapuwa | Pagbabahagi ng sariling karanasan sa pagbibiro sa iba at pagtanggap ng mga biro ng iba<br>Paglalahad ng sariling kaisipan/pahayag sa iba't ibang sitwasyon<br>Pagninilay sa sariling damdamin tungkol sa sinasabi ng iba | Araling Panlipunan—paggalang sa pagkakakilanlan ng iba (kultura, wika, at pangkat-etniko) |

| *Aralin/Pamagat* | *Layunin* | *Dulog/Estratehiya* | *Pagtataya* | *Kaugnay na Kaisipan sa Ibang Asignatura* |
|---|---|---|---|---|
| | | | Pagpili ng mga salita na pagpapahayag ng saloobin sa paraang pagbibiro | |
| **Aralin 4:<br>Bukas-Palad, Bukas-Puso** | • Nakapagbabahagi ng sariling karanasan o makabuluhang pangyayaring nagpapakita ng pang-unawa sa kalagayan/ pangangailangan ng kapuwa | Kuwento<br>Pagbabahagi ng karananasan sa kahalagahan ng pagsama sa mga programa para sa mga nangangailangan | Pagbabahagi ng sariling saloobin sa pagtulong sa nangangailangan sa pagsali sa mga *outreach program*<br>Pagninilay sa mga gawain at sariling karanasan na nagpapamalas ng kabutihan at pagiging bukas-palad sa pagbibigay ng tulong sa kapuwa<br>Pagsasaliksik ng mga outreach program | Araling Panlipunan—pagsasaliksik ng mga ahensiya ng pamahalaan na tumutulong sa mga nangangailangan |
| **Aralin 5:<br>Ang Pagbaha ng Tulong** | • Naisasabuhay ang pagiging bukas-palad sa mga panahon ng pangangailangan | Kuwento<br>Paglalahad ng mga paraan at gawaing nagpapakita ng pagiging bukas-palad<br>Pagpapahalaga sa kabutihan ng iba sa pamamagitan ng pagtulong sa panahon ng pangangailangan | Pagbabahagi ng mga pamamaraan ng pagiging bukas-palad sa iba't ibang sitwasyon<br>Pagsusuri ng mga gawain na nagpapamalas ng pagiging bukas-palad sa kapuwa<br>Pagninilay ng sariling karanasan sa pagtulong sa nangangailangan<br>Pagbibigay ng saloobin sa mga kasabihan | Araling Panlipunan—pagsasagawa ng panayam sa mga taong nagbibigay ng tulong sa panahon ng kalamidad<br>Kaligtasan—pag-alam sa mga paraan ng pag-iwas sa sunog; mga paraan sa paghahanda sa bagyo o kalamidad |
| **Aralin 6:<br>Maayos Na Pagsasamahan: Paggalang ang Susi** | • Nakapagpapakita ng paggalang sa iba sa sumusunod na mga sitwasyon:<br>a. oras ng pamamahinga<br>b. kapag may nag-aaral | Sanaysay<br>Pagsusuri ng sitwasyon, pagsagot sa mga tanong, gawain, at epekto nito, pagsasagawa ng aksiyon sa iba't ibang | Pagbibigay ng opinyon o pahayag tungkol sa mga larawan na nagpapakita ng paggalang<br>Paglalahad ng mga gawaing maipagmamalaki | Araling Panlipunan—pag-alam sa mga karapatang pantao at iba't ibang uri at paraan ng pagbibigay-galang sa nakatatanda sa iba't ibang lugar sa Pilipinas |

| *Aralin/Pamagat* | *Layunin* | *Dulog/Estratehiya* | *Pagtataya* | *Kaugnay na Kaisipan sa Ibang Asignatura* |
|---|---|---|---|---|
| | | sitwasyon na nagpapamalas ng paggalang sa karapatan ng kapuwa | Pagninilay ng sariling karanasan sa paggalang sa kapuwa<br>Pakikipagtulungan sa paggawa ng proyekto<br>Pagbuo ng tula | |
| **Aralin 7: Si Kit Makulit** | • Nakapagpapakita ng paggalang sa iba sa pakikinig kapag may nagsasalita/nagpapaliwanag | Kuwento<br>Pagpapaliwanag ng kahalagahan ng pakikinig sa pamamagitan ng iba't ibang pangkatang gawain | Pagninilay ng mga gawaing maipagmamalaki<br>Pagbabahagi ng karanasan tungkol sa mga bunga ng hindi pakikinig<br>Pagsasagawa ng panayam sa isang eksperto<br>Pagpaplano para sa isang *field trip* | Sining—paglikha ng mapa<br>Math—paggamit ng iba't ibang paraan sa pagbibigay ng direksiyon<br>Pakikinig at Laro—pagsunod sa panuto/utos ayon sa kuwento (kanan o kaliwa)<br>Kaligtasan—mga gagawin kung nawawala o naliligaw |
| **Aralin 8: Ang Paboritong Aklat ni Jane** | • Nakapagpapakita ng paggalang sa iba sa pamamagitan ng tamang paggamit at pangangalaga sa mga pasilidad ng paaralan | Kuwento<br>Pagninilay sa mga gawain at pagkilos kung gaano kaladas napangangalagaan ang mga pasilidad ng paaralan | Pagtalakay sa mga paraan ng pangangalaga sa iba't ibang pasilidad ng paaralan<br>Pagbabahagi ng mga saloobin sa iba't ibang sitwasyon upang maipamalas ang pangangalaga sa mga pasilidad ng paaralan<br>Pagsasagawa ng panayam sa mga tagapangalaga o tagapangasiwa ng mga pasilidad ng paaralan<br>Pagsasaliksik ng mga alituntunin sa paggamit ng mga pasilidad ng paaralan<br>Pagbuo ng mga pangungusap sa paggawa ng paalala sa sarili | Wika—pagsulat ng maikling kuwento<br>Sining—paglikha ng sariling *big book*; pagguhit o paggawa ng poster upang hikayatin ang iba na pangalagaan ang mga pasilidad ng paaralan |

| *Aralin/Pamagat* | *Layunin* | *Dulog/Estratehiya* | *Pagtataya* | *Kaugnay na Kaisipan sa Ibang Asignatura* |
|---|---|---|---|---|
| **Aralin 9: Kaaya-ayang Kapaligiran— Tahimik at Malinis** | • Naisasagawa ang paggalang sa karapatan ng kapuwa sa pamamagitan ng pagpapanatili ng tahimik, malinis, at kaaya-ayang kapaligiran | Tula<br>Pagpapahayag ng suliranin at gawaing nakaaapekto sa pagpapanatili ng tahimik, malinis, at maayos na kapaligiran sa pamayanan | Pagpapahayag ng kuro-kuro at pakahulugan sa nabasang tula<br>Paglalarawan ng mga katangian ng isang tahimik, malinis, at maayos na kapaligiran<br>Pagdedesisyon kung alin ang mga gawaing nakatutulong sa pagpapanatili ng tahimik, malinis, at maayos na kapaligiran<br>Paghikayat sa kapuwa sa pamamagitan ng pagsali at paglulunsad ng mga programa<br>Pagpaplano ng mga proyekto o programa bilang pangkatang gawain | Araling Panlipunan—pagpapahalaga sa pakikisama at pangangalaga ng katahimikan sa pamayanan<br>Science, Health, at TLE—pag-alam sa uri ng mga halamang gamot at kahalagahan ng pagtatanim |
| **Aralin 10: Sa Barangay Masaya** | • Naipakikita ang paggalang sa karapatan ng kapuwa sa pamamagitan ng pagpapanatili ng tahimik, malinis, at kaaya-ayang kapaligiran | Kuwento<br>Pagtalakay ng kahalagahan ng paglahok ng mga kasapi ng pamayanan sa pagpapanatili ng maayos, malinis, tahimik, at kaaya-ayang kapaligiran | Pagsusuri ng mga nakagawiang pagkilos at ugali<br>Pagsasaliksik at pagsusuri sa mga tungkulin ng mga opisyal ng barangay<br>Pagtatala kung gaano kadalas napangangalagaan ang kapaligiran | Wika—paggawa ng *mind map* at pagsulat ng tula o awit |
| **Pag-uugnay** | • Mapag-ugnay-ugnay ang mga kaisipan at pagpapahalagang natutuhan sa yunit | | | |

## Yunit 3 Pakikiisa sa mga Pambansa at Pandaigdigang Adhikain

| *Aralin/Pamagat* | *Layunin* | *Dulog/Estratehiya* | *Pagtataya* | *Kaugnay na Kaisipan sa Ibang Asignatura* |
|---|---|---|---|---|
| **Aralin 1: Ipinagmamalaki Ko, Panitikang Filipino** | • Nakapagpapakita ng kawilihan sa pakikinig o pagbabasa ng mga pamanang kulturang materyal. *Halimbawa*: kuwentong bayan, alamat, at epiko | Kuwento<br>Pagkilala sa pamamagitan ng pagbabasa at pagbabahagi ng karanasan at saloobin tungkol sa mga pamanang kulturang materyal | Pagninilay sa mga sariling gawain at kaugalian sa pagpapalaganap at pagmamalaki ng kulturang materyal<br>Pagsasaliksik ng mga panitikan at pagninilay sa mga aral na natutuhan<br>Pagsasaliksik at paglalahad ng mga kahulugan ng mga bugtong at salawikain | Wika—paggawa ng tula<br>Araling Panlipunan—pag-aaral ng kulturang Filipino |
| **Aralin 2: Mga Pamanang Kultura: Isulong at Ipagpatuloy** | • Nakapagpapakita ng kawilihan sa pakikinig o pagbabasa ng mga pamanang kulturang di-materyal. *Halimbawa*: mga magagandang kaugalian, pagpapahalaga sa nakatatanda, at iba pa | Sanaysay<br>Pagkilala sa pamamagitan ng pagtalakay ng mga pamanang kaugaliang Filipino | Pagbabahagi at pagpapahayag ng saloobin at kuro-kuro tungkol sa mga larawang nagpapakita ng mga kaugaliang Filipino<br>Pagtukoy sa mga kaugaliang Filipino na nais ipagpatuloy<br>Pagsulat ng sanaysay upang ipahayag ang saloobin at kuro-kuro tungkol sa mga kaugaliang Filipino<br>Pagsasaliksik ng mga panitikan at pagninilay ng mga aral na natutuhan | ICT—paggawa ng *PowerPoint Presentation* |
| **Aralin 3: Mga Kaugaliang Minana: Pahalagahan** | • Nakapagpapakita ng kawilihan sa pakikinig o pagbabasa ng mga pamanang kulturang di-materyal. *Halimbawa*: mga magagandang kaugalian, pagpapahalaga sa nakatatanda, at iba pa | Tula<br>Pagtalakay at paghahambing ng mga kaugaliang Filipino noon at ngayon | Pagpapahayag ng pakahulugan at sariling saloobin tungkol sa tula<br>Pagtalakay ng mga paraan ng pagpapamalas ng mga kaugalian noon at sa kasalukuyang panahon | Araling Panlipunan—pag-aaral ng mga pangyayaring humubog sa kaugalian ng mga Filipino. *Halimbawa*: mga bansang sumakop at nag-impluwensiya sa mga kaugaliang Filipino |

| *Aralin/Pamagat* | *Layunin* | *Dulog/Estratehiya* | *Pagtataya* | *Kaugnay na Kaisipan sa Ibang Asignatura* |
|---|---|---|---|---|
| | | | Pagtukoy ng mga kaugaliang Filipino na nais ipagpatuloy<br>Pagsusuri ng sariling saloobin at gawain sa pagkilala ng mga kaugaliang Filipino | |
| **Aralin 4: Mga Laro, Sayaw, at Awit** | • Naipagmamalaki/ Napahahalagahan ang mga nasuring kultura ng iba't ibang pangkat-etniko tulad ng mga kuwentong bayan, katutubong sayaw, katutubong laro, at iba pa | Kuwento<br>Pagkilala at paglinang ng karanasan ng mga mag-aaral sa mga katutubong laro, sayaw, at awit<br>Pagtalakay ng kahalagahan ng pagkilala sa mga katutubong laro, sayaw, at awit | Pagsasaliksik at pagsusuri ng mga katutubong laro, sayaw, at awit mula sa iba't ibang pangkat-etniko sa Pilipinas<br>Pagbabahagi ng saloobin tungkol sa sariling interes sa mga katutubong laro, sayaw, at awit<br>Pagtalakay ng kahalagahan ng pamanang kultura sa paraang debate<br>Pagbuo ng mga konsepto na magpapakilala ng sariling kultura sa malikhaing paraan | MAPEH—pagtatanghal ng mga katutubong sayaw; pagkilala sa mga katutubong laro; mga halimbawa ng mga kilalang katutubong awitin<br>Health—pag-aaral ng kahalagahan ng pag-eehersisyo<br>Araling Panlipunan—pag-aaral ng iba't ibang pangkat-etniko sa Pilipinas |
| **Aralin 5: Mga Pista at Pagdiriwang: Bahagi ng Kulturang Filipino** | • Naipagmamalaki/ Napahahalagahan ang nasuring kultura ng iba't ibang pangkat-etniko tulad ng mga katutubong sayaw, awit, laro, at iba pa | Kuwento<br>Pagsusuri ng mga pista at pagdiriwang sa iba't ibang lugar sa Pilipinas na nagpapakita ng kulturang Filipino | Pagpapakilala ng mga pista at pagdiriwang sa malikhaing paraan<br>Pagsasaliksik ng mga pista at pagdiriwang sa iba't ibang panig ng Pilipinas at kung paano ipinagdiriwang ang mga ito<br>Pagpapahayag ng opinyon sa kahalagahan ng mga pista at pagdiriwang | Wika—pagsulat ng balita (*news article*), lathalain (*feature article*) |

| *Aralin/Pamagat* | *Layunin* | *Dulog/Estratehiya* | *Pagtataya* | *Kaugnay na Kaisipan sa Ibang Asignatura* |
|---|---|---|---|---|
| **Aralin 6: Wow! Ang Ganda ng Pilipinas!** | • Nakasusunod sa mga batas/ panuntunang pinaiiral tungkol sa pangangalaga ng kapaligiran kahit walang nakakakita | Kuwento<br>Pagsasaliksik at pagtukoy sa mga batas na pinaiiral sa pamayanan<br>Pagtalakay sa mga epekto ng hindi pagsunod sa mga panuntunan sa pamayanan | Pagbubuo ng konsepto sa pamamagitan ng paglalahad ng mga hakbangin<br>Pagsusuri ng mga paniniwala sa pagsunod sa mga batas at tuntunin sa pamayanan sa pamamagitan ng eskala<br>Paghikayat sa kapuwa sa pamamagitan ng pagpapakita ng disiplina sa pagsunod sa mga batas at panuntunan sa pamayanan | Araling Panlipunan—pagsunod sa mga batas ng pamayanan; uri ng pamahalaan; mga sangay ng pamahalaan—lokal na barangay/pamahalaan |
| **Aralin 7: Disiplina ang Kailangan** | • Nakasusunod sa mga batas/ panuntunang pinaiiral tungkol sa pangangalaga ng kapaligiran kahit walang nakakakita | Kuwento<br>Pagsusuri sa sariling kakayahan sa pangangalaga ng kapaligiran<br>Pagtukoy ng mga katangian ng isang huwaran | Paglalarawan at pagpapahayag ng mga halimbawa ng pagpapamalas ng disiplina<br>Pagsusuri ng mga gawain na madalas at di-madalas na ginagawa sa pagsusulong ng disiplina sa pamayanan<br>Pagsasaliksik ng mga programang nagsusulong ng disiplina sa mga barangay<br>Pagmamasid sa pamayanan at pagbibigay ng mungkahing aksiyon sa pagsulong ng disiplina sa barangay | Araling Panlipunan—pagsunod sa mga batas ng pamayanan; uri ng pamahalaan; mga sangay ng pamahalaan—lokal na barangay/pamahalaan |
| **Aralin 8: Noon at Ngayon** | • Nakatutulong sa pagpapanatili ng kalinisan at kaayusan sa kapaligiran saanman sa pamamagitan ng segregasyon o pagtatapon ng mga basurang nabubulok at di-nabubulok sa tamang lalagyan | Tula<br>Pagbabahagi ng mga karanasan sa segregasyon o pagtatapon ng mga basurang nabubulok at di-nabubulok sa tamang lalagyan sa tahanan at pamayanan | Pagpapahayag at pagtalakay ng mensahe ng tula<br>Paghahambing ng kapaligiran noon at ngayon at pagtalakay sa mga naganap na pagbabago sa kapaligiran | Science—paghihiwalay sa nabubulok at di-nabubulok na mga basura<br>Sining—paggawa ng mga poster sa segregasyon ng mga basura |

| *Aralin/Pamagat* | *Layunin* | *Dulog/Estratehiya* | *Pagtataya* | *Kaugnay na Kaisipan sa Ibang Asignatura* |
|---|---|---|---|---|
| | | | Paglalahad ng mga gawaing dapat at hindi dapat ipagpatuloy<br>Pagbibigay ng saloobin at opinyon tungkol sa mga kasabihan | |
| **Aralin 9: Ang Pagsusunog ng Basura** | • Nakatutulong sa pagpapanatili ng kalinisan at kaayusan sa kapaligiran sa pamamagitan ng pag-iwas sa pagsunog ng anumang bagay | Sanaysay<br>Pagtalakay sa mga epektong dulot ng pagsusunog ng mga bagay<br>Pagpapakita ng mga *video* tungkol sa pagkasira ng kapaligiran | Pagpapahayag ng mga gagawing pagkilos sa iba't ibang sitwasyon<br>Pagsusuri ng mga gawi sa pamamagitan ng eskala<br>Paghikayat sa iba sa pagsunod at pagpapanatili ng kalinisan at kaayusan sa kapaligiran<br>Paggawa ng mga paalala | Science—pag-aaral sa mga epekto ng pagsusunog at polusyon sa hangin<br>EPP—paghahalamanan |
| **Aralin 10: Gawin Na Natin!** | • Nakatutulong sa pagpapanatili ng kalinisan at kaayusan sa kapaligiran sa pamamagitan ng pagsasagawa ng muling paggamit ng mga patapong bagay | Kuwento<br>Pagtalakay sa mga paraan sa paggamit muli ng mga patapong bagay at paano mahihikayat ang iba sa paggawa nito | Pagtatala ng iba't ibang paraan ng paggamit muli ng mga patapong bagay o *recycling*<br>Pagbabahagi at paghihikayat sa iba ng mga gagawing aksiyon at pagkilos sa pagpapalaganap ng recycling | Sining—malikhaing paggawa ng mga produkto mula sa mga patapong bagay |
| **Pag-uugnay** | • Mapag-ugnay-ugnay ang mga kaisipan at pagpapahalagang natutuhan sa yunit | | | |

## Yunit 4 Pagtanggap, Paggalang at Pagmamahal sa mga Nilikha ng Diyos

| *Aralin/Pamagat* | *Layunin* | *Dulog/Estratehiya* | *Pagtataya* | *Kaugnay na Kaisipan sa Ibang Asignatura* |
|---|---|---|---|---|
| **Aralin 1: Buhay at Kalusugan Ko: Likha ng Diyos** | • Napahahalagahan ang lahat ng mga likha: may buhay o mga materyal na bagay—sarili at kapuwa-tao sa pamamagitan ng pag-iwas sa pagkakaroon ng sakit | Tula<br>Pagtukoy sa mga dahilan at pagsusuri sa mga epekto ng mga nakasanayang gawi na nakaaapekto sa kalusugan | Paghinuha sa mga bunga ng mga hindi kaaya-ayang gawi na nakaaapekto sa kalusugan<br>Pagbibigay ng mga mungkahing aksiyon sa iba't ibang pangyayari<br>Pagtalakay ng mga gawain sa pag-iwas sa sakit<br>Pagsusuri ng mga paraan sa pagsusulong ng kalusugan sa tahanan, paaralan, at pamayanan | Science—pag-alam sa mga malalaking grupo ng pagkain at mga pinagkukunan ng pagkain<br>Math—pag-aaral ng pagsukat ng timbang<br>Science—pag-aaral ng mga halamang gamot<br>Health—pag-aaral ng balanseng pagkain |
| **Aralin 2: Paggalang sa Kapuwa, Pagpapahalaga sa mga Likha ng Diyos** | • Napahahalagahan ang lahat ng mga likha: may buhay o mga materyal na bagay—sarili at kapuwa tao sa pamamagitan ng paggalang sa kapuwa-tao | Sanaysay<br>Pagtalakay sa iba't ibang pamantayan ng pagpapamalas ng paggalang sa kapuwa | Pagbabahagi ng sariling karanasan<br>Pagsusuri ng mga gawaing nagpapakita ng paggalang sa kapuwa<br>Pagsusuri ng saloobin sa pamamagitan ng eskala<br>Pagbuo ng mga konsepto na nagpapamalas ng pagpapahalaga at paggalang sa kapuwa sa malikhaing paraan | Wika—paggamit ng mga *graphic organizer* |
| **Aralin 3: Paggalang sa Sarili: Pagpapahalaga Sa Diyos** | • Napahahalagahan ang lahat ng mga likha: may buhay o mga materyal na bagay—sarili at kapuwa-tao sa pamamagitan ng paggalang sa sarili | Sanaysay<br>Pagtalakay ng kahalagahan ng paggalang sa sarili bilang paraan ng pagpapahalaga sa Diyos | Paglalahad ng sariling pag-unawa sa kahulugan ng paggalang sa sarili | Sining—paggawa ng poster o *slogan*<br>Wika—pagbuo ng maikling tula<br>Health—pag-aaral ng mga masusustansiyang pagkain at ehersisyo |

| *Aralin/Pamagat* | *Layunin* | *Dulog/Estratehiya* | *Pagtataya* | *Kaugnay na Kaisipan sa Ibang Asignatura* |
|---|---|---|---|---|
| | | Pagninilay sa mga patnubay upang maipamalas ang paggalang sa sarili sa iba't ibang paraan | Paglinang ng kakayahan sa pagbuo ng mga konsepto sa pangangalaga ng kalusugan bilang paggalang sa sarili<br>Pagbabahagi ng mga mungkahing aksiyon sa paggalang sa sarili<br>Pagsusuri sa sariling kilos at gawi<br>Pagbabahagi ng sariling saloobin sa pamamagitan ng iskala at pagpapahayag ng opinyon | |
| **Aralin 4: Nais Din Naming Mabuhay** | • Napahahalagahan ang lahat ng mga likha: may buhay o mga materyal na bagay—pagkalinga sa mga hayop | Sanaysay<br>Pagdedesisyon at pagsisiyasat ng mga dahilan at bunga ng iba't ibang gawain ng tao | Paglalarawan at pagtalakay ng mga gawaing nakatutulong at hindi nakatutulong sa pagkalinga ng mga hayop<br>Pagsasaliksik ng impormasyon upang mahinuha ang tama o hindi tamang gawi sa pangangalaga sa mga hayop<br>Pagbibigay ng mungkahing aksiyon sa pamamagitan ng pagbuo at paglulunsad ng kampanya sa pangangalaga sa mga hayop<br>Paghikayat sa iba na pangalagaan ang mga hayop sa malikhaing paraan | Science—pag-aaral tungkol sa *habitat*; *foodchain/food pyramid* |
| **Aralin 5: Kilala Ba Ninyo Kami? Nauubos na Kami!** | • Napahahalagahan ang lahat ng mga likha: may buhay o mga materyal na bagay—pagkalinga sa mga hayop na *endangered* | Kuwento<br>Pagkilala sa mga uri ng hayop na ligaw na matatagpuan sa Pilipinas<br>Paglilinang ng kaalaman tungkol sa mga hayop na endangered | Paghihinuha ng maaaring mangyari at pagbubuo ng kaisipan/pahayag | Science—pag-alam sa mga uri ng ligaw na hayop at saan sila nakatira |

| *Aralin/Pamagat* | *Layunin* | *Dulog/Estratehiya* | *Pagtataya* | *Kaugnay na Kaisipan sa Ibang Asignatura* |
|---|---|---|---|---|
| | | | Pagsasaliksik tungkol sa mga hayop na endangered sa Pilipinas at paano mapangangalagaan ang mga ito<br>Pagtalakay sa mga isyu ng pangangalaga sa mga hayop na endangered<br>Pagkilala sa mga taong nangangalaga sa mga hayop na endangered | |
| **Aralin 6: Naririto Kami Para sa Inyo** | • Napahahalagahan ang lahat ng mga likha: may buhay o mga materyal na bagay—pagkalinga sa mga hayop na endangered | Sanaysay<br>Pagsasaliksik ng mga pangyayari tungkol sa mga hayop na endangered na matatagpuan sa Pilipinas<br>Paglinang ng kaalaman tungkol sa mga pangkat o mga eksperto na nangangalaga sa mga hayop na endangered | Pagpapahayag ng sariling saloobin at opinyon tungkol sa iba't ibang sitwasyon<br>Pananaliksik tungkol sa mga ekspertong nangangalaga sa mga hayop na endangered<br>Paghinuha ng mga dahilan at bunga ng mga gawain ng mga tao na nagdudulot ng pagkaubos ng mga endangered na hayop<br>Pagsusuri sa iba't ibang paraan ng pagkalinga sa mga hayop na endangered<br>Pakikiisa sa pangangalaga ng mga endangered na hayop sa malikhaing paraan | Science—pag-aaral ng mga endangered at *endemic animal* |

| *Aralin/Pamagat* | *Layunin* | *Dulog/Estratehiya* | *Pagtataya* | *Kaugnay na Kaisipan sa Ibang Asignatura* |
|---|---|---|---|---|
| **Aralin 7: Natatandaan Mo Ba si Lolong?** | • Napahahalagahan ang lahat ng mga likha: may buhay o mga materyal na bagay—pagkalinga sa mga hayop na endangered | Sanaysay/Balita<br>Pagsasaliksik ng mga pangyayari tungkol sa mga hayop na endangered na matatagpuan sa Pilipinas<br>Paglinang ng kaalaman tungkol sa mga pangkat o mga eksperto na nangangalaga sa mga hayop na endangered | Pag-unawa sa klasipikasyon ng mga hayop<br>Pagpapahayag ng sariling saloobin at opinyon tungkol sa papel na ginagampanan ng mga tao at ahensiya sa pangangalaga ng mga hayop na endangered<br>Pagbibigay ng saloobin tungkol sa iba't ibang sitwasyon<br>Pagsasaliksik tungkol sa mga hayop na endangered sa Pilipinas at paano mapangangalagaan ang mga ito<br>Pakikiisa sa pangangalaga ng mga endangered na hayop sa malikhaing paraan | Science—pag-aaral tungkol sa mga uri ng hayop at katangian ng mga ito<br>Wika—pagsulat ng balita |
| **Aralin 8: Dito Lang sa Pilipinas Matatagpuan** | • Napahahalagahan ang lahat ng mga likha: may buhay o mga materyal na bagay—pagkalinga sa mga hayop na ligaw | Sanaysay<br>Pagsasaliksik ng mga pangyayari tungkol sa mga hayop na ligaw na matatagpuan lamang sa Pilipinas<br>Paglilinang ng kaalaman tungkol sa mga pangkat ng mga eksperto na nangangalaga sa mga hayop na ligaw | Pag-unawa sa klasipikasyon ng mga hayop na *endemic*<br>Pagtukoy sa mga suliranin o pagsubok sa pangangalaga ng mga hayop na ligaw<br>Pagpapahayag ng sariling saloobin at opinyon tungkol sa papel na ginagampanan ng mga tao at ahensiya sa pangangalaga ng mga hayop na ligaw<br>Pagbibigay ng saloobin tungkol sa mga isyu at paniniwala sa pangangalaga ng mga hayop na ligaw | Science—pag-alam sa mga paraan ng pagprotekta sa mga hayop sa kanilang sarili sa ilang |

| *Aralin/Pamagat* | *Layunin* | *Dulog/Estratehiya* | *Pagtataya* | *Kaugnay na Kaisipan sa Ibang Asignatura* |
|---|---|---|---|---|
| | | | Pagsasaliksik tungkol sa mga hayop na ligaw sa Pilipinas at paano mapangangalagaan ang mga ito<br>Pakikiisa sa pangangalaga ng mga ligaw na hayop sa malikhaing paraan | |
| **Aralin 9: Biyayang Tumutubo Mula sa Lupa** | • Napahahalagahan ang lahat ng mga likha: may buhay o mga materyal na bagay—sa pangangalaga sa mga halaman | Sanaysay<br>Pag-uugnay ng mga konsepto sa pangangalaga at pagpapahalaga sa mga halaman at sa iba pang likha ng Diyos | Pagpapaliwanag ng sariling opinyon at saloobin<br>Pagsusuri sa sariling kuro-kuro sa pangangalaga sa mga halaman sa pagbuo ng tsart<br>Paghinuha ng mga gawaing dapat ipagpatuloy at mga gawaing hindi na dapat ipagpatuloy<br>Pagpapakilala sa iba't ibang halaman na matatagpuan sa Pilipinas sa malikhaing paraan | Sience—pag-alam sa mga pangangailangan ng mga halaman upang mabuhay; mga uri ng mga halaman; mga halamang gamot |
| **Aralin 10: Ganda ng Pilipinas, Pahalagahan Natin** | • Napahahalagahan ang lahat ng mga likha: may buhay o mga materyal na bagay—pangangalaga sa mga materyal na kagamitang likas o gawa ng tao | Sanaysay<br>Pagkilala sa mga yamang likas at di-likas sa Pilipinas upang maunawaan ang kahalagahan ng mga ito sa pamumuhay ng mga Filipino bilang mga biyaya ng Diyos | Pagpapaliwanag ng sariling opinyon o ideya tungkol sa mga kasabihan<br>Pagsusuri sa mga epekto at bunga ng pag-unlad sa pangangalaga ng mga yamang likas at mga gawa ng tao<br>Pagsasaliksik ng mga yamang likas at di-likas na matatagpuan sa Pilipinas<br>Pagbibigay ng mga mungkahing aksiyon sa malikhaing paraan | Araling Panlipunan—pag-aaral ng kultura ng iba't ibang pangkat-etniko sa Pilipinas |
| **Pag-uugnay** | • Mapag-ugnay-ugnay ang mga kaisipan at pagpapahalagang natutuhan sa yunit | | | |